## ANG NALOXONE AY NAKAPAGLILIGTAS NG BUHAY!

### Ano ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Naloxone:

- Ito ay isang gamot na ginagamit upang pansamantalang baligtarin ang mga epekto ng labis na dosis ng opioid
- Hindi ito nakakapinsala kung ibibigay sa taong nakakaranas ng labis na dosis sa paggamit ng opioid o hindi naman talaga nakakaranas ng labis na dosis
- Wala itong interaksyon sa droga at walang nakamamatay na limitasyon ng dosis
- HINDI ito nakapagsasanhi ng labis na dosis at HINDI nakaka-adik (addictive)
- Nawawala ang epekto nito sa 30 hanggang 90 minuto, kaya't ang labis na dosis ay maaaring magbalik

Maaari kang makakuha ng Naloxone nang direkta mula sa isang botika o mga organisasyon na nakabatay sa komunidad.

Para sa mas marami pang impormasyon, pumunta sa Safe and Active Communities Branch sa www.cdph.ca.gov

SAPC | Substance Abuse Prevention and Control

County of Los Angeles Public Health

**Kung ikaw, isang mahal sa buhay o isang taong kilala mo ay nangangailangan ng paggamot, tawagan kami anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.**

TULONG NA LINYA NG SERBISYO SA PAG-ABUSO NG SANGKAP

24/7 1.844.804.7500

**Gumagana ang Paggamot at Posible ang Paggaling!**

## Makapagliligtas Ka ng Buhay!


## PANGUNANG-LUNAS SA LABIS NA DOSIS

County of Los Angeles Public Health

# Paano Makikilala at Tumugon sa Labis na Dosis ng Opioid

# Mga palatandaan na ang isang tao ay nakakaranas ng labis na dosis:

Hindi humihinga o mababaw ang paghinga



Humahagikgik na tunog o humihilik nang malakas



Mamasa-masa at nanlalamig ang pakiramdam ng balat



Hindi magising o hindi makapagsalita



Kupas na balat (lalo na sa mga labi at kuko)



Lumiliit ang itim ng mata (pinpoint pupils)



# Ano ang gagawin




Yugyugin at sumigaw




**TAWAGAN ANG 911**



Kung walang tugon, iisprey ang buong dosis ng naloxone sa isang butas ng ilong




Kung walang sagot pagkatapos ng 1-2 minuto, magbigay ng pangalawang buong dosis sa isa pang butas ng ilong



Suriin ang paghinga



Pagsagip na paghinga at posisyon na makakabuti



Maghintay kasama sila hanggang dumating ang tulong

## Pagsagip na Paghinga:




1. Ihiga ang tao na lapat ang likod
2. Ikiling paitaas ang baba para buksan ang daluyan ng hangin
3. Suriin para makita kung may anumang bagay sa bibig, kung mayroon ay alisin ito
4. Ipitin ang ilong, bigyan ng hangin gamit ang bibig-sa-bibig, bigyan ng dalawang hininga
5. Pagkatapos ng 5 segundo, muling hingahan
6. Magbigay ng hininga kada 5 segundo

## Posisyon na Makakabuti:



1. Itagilid ang katawan ng tao
2. Bahagyang nakakiling palikod ang ulo para buksan ang daanan ng hangin



3. Sinusuportahan ng kamay ang ulo
4. Pinipigilan ng tuhod ang katawan sa pagbaluktot ng tiyan